

Pert Advisory Committee  
1094 Cudahy Place, Suite 314  
San Diego, CA 92110  
Phone: (619) 276-8112

Dear Kasosyong Komunidad,

Ang layunin ng sulat na ito ay upang ipakilala ang Behavioral Health Emergency Response Plan Form na ang dating tawag ay San Diego County Emergency Response Plan Form. Ang Emergency Response Plan (ERP) ay isang form na maaaring magamit para makapagbigay sa mga unang responders ng mahalagang impormasyon tungkol sa taong kanilang tutulungan na dapat nilang malaman sa oras ng pangangailangang pangkalusugan, pangkaisipan o medikal na emergency.

Ang form na ito ay magbibigay sa unang responders ng impormasyon na natatangi lamang sa tao na kanilang tinutulungan o sinisilbihan at sa pamamagitan din ng form na ito ay kanilang malalaman ang nais ng tao para sa kanilang pagpapagamot sa oras ng krisis. Ang form na ito ay makapagbibigay ng impormasyon tungkol sa diagnosis, kung ano ang mga gamot na iniinom, kung sino ang kasalukuyang gumagamot, ang napiling ospital at bahay krisis at impormasyon ng kanyang insurance. Maari rin makita sa form na ito ang mga tagubilin tungkol sa mga alaga nitong hayop, mga pinagbabawal na pagkain, kultura, relihiyon at kung may mag-aalaga ng menor na anak.

Ang ERP form ay nakakatulong sa mga nangangailangan at kanilang mga pamilya na mga paraan kung papaano sila makikipag ugnayan at makakapagbigay ng mahalagang impormasyon sa unang responders dahil minsan ay mahirap itong gawn sa oras ng krisis. Kung maari lamang ang form ay dapat punuin o sagutan ng consumers o ng miyembro ng pamilya bago mangyari ang oras ng krisis at ang form ay dapat makumpleto at handa para sa mga unang responders sakaling sila ay tawagin sa oras ng pangangailangan.

Ang form ng ERP ay pag-aari ng consumer o ng miyembro ng pamilya at nararapat ibalik sa taong nagbigay nito sa unang responders matapos makuha ang lahat ng mahalagang impormasyon. Ang ERP form ay hindi dapat ilagay sa medical record ng pasyente. Pagkikipag-usap sa mga emergency contact at providers na nakalista sa form ng ERP ay kailangan ng pahintulot mula sa consumer.

Hinihikayat na ipaalam o ipabahagi ang ERP form sa sinuman na sa palagay ninyo ay makikinabang sa ERP form. Mayroon din na form na electronic at puwedeng sagutan, kopyahin o iprinta ng taong gagamit o ng kahit sinong miyembro ng pamilya. Kung mayroon katanungan, huwag mag-atubiling tumawag sa Administrasyon ng PERT sa (619)276-8112.

Siguraduhin lamang na ang form ay nasagutan ng wikang Ingles para madaling maipaalam sa unang responder ang iyong kahilingan. Kung nangangailangan ng tulong sa pagpuno o pagsagot ng form huwag mag-atubiling tanungin sinuman para sa tulong.

Sumasainyo,

The PERT Advisory Committee